# Paglilinaw sa Pinal na Tuntunin ukol sa Public Charge 2022

Ang Department of Homeland Security (DHS o Kagawaran ng Pambansang Seguridad) ng Estados Unidos ay naglabas ng pinal na tuntunin, na ilalathala sa Pederal na Rehistro, na nagbibigay ng paglilinaw para sa mga noncitizens (dayuhan) kung paano ipapatupad ng DHS ang tuntunin ukol sa public charge (dayuhan na umaasa sa pampublikong benepisyo) bilang batayan ng inadmissibility (hindi pagtanggap). Ibinabalik ng tuntuning ito ang makasaysayang pag-unawa sa kahulugan ng isang "public charge," na ipinatupad nang ilang dekada, hanggang sinimulang isaalang-alang ng nakaraang Administrayon ang mga karagdagang benepisyo sa pampublikong kalusugan tulad ng Medicaid at tulong sa nutrisyon bilang bahagi ng pagpapasya sa inadmissibility. Ang tuntunin na inanunsyo ngayon ay nagtatalakay sa pangako ng Administrasyong Pangulong Biden na ibalik ang tiwala sa ating sistema ng legal na imigrasyon.

Ang isang dayuhan na maaaring maging isang "public charge," na nangangahulugang sila ay maaaring umasa nang labis sa pamahalaan para mabuhay, ay maaaring hindi tanggapin o tanggihan na maging lehitimong permanenteng residente (karaniwang kilala bilang isang green card holder). Bago ang 2019, halos lahat ng mga non-cash na benepisyo (benepisyong hindi pera) mula sa gobyerno tulad ng Medicaid o tulong sa nutrisyon ay hindi kasama sa batayan. Ang tuntunin ng 2019, na ngayon ay wala nang bisa at hindi na ipinapatupad, ay nagresulta sa pagbaba ng pagpapatala sa mga nasabing programa ng mga indibidwal na hindi nakapailalim inadmissibility na batayan ng pagiging public charge, tulad ng mga batang mamamayan ng Estados Unidos na nakatira sa mga tahanan na magkahalo ang estado ng sambahayan. Ang paglalathala nitong bagong tuntunin ngayon sa Pederal na Rehistro ay tumutulong na maiwasan ang mga resultang ito sa pamamagitan ng pormal na pag-codify (gawing sistematiko) ang tunay na kahulugan ng termino.

## Sa pamamagitan ng tuntuning ito, nais ng DHS na ipatupad ang batayan ng public charge sa inadmissibility sa paraan na:

- Nagbibigay ng katiyakan sa pinamamahalaang publiko;
- Alinsunod sa direksyon ng kongreso;
- Malinaw at madaling maunawaan para sa mga opisyal at sa mga dayuhan at kanilang pamilya;
- Nagbibigay-daan sa patas at hindi-nagbabagong paghatol upang maiwasan ang hindi pantay-pantay na pagtrato sa mga indibidwal na magkapareho ang sitwasyon;
- Inaalis ang mga hindi nararapat na hadlang sa mga aplikante; at
- Iniiwasan na pigilan ang mga taong hindi saklaw ng batayan ng public charge na gamitin ang pampublikong benepisyo.
- Hindi kinakailangan ang pagkumpleto ng mga bago at nakakaabalang form at iba pang mga pansuportang dokumento;
- Hindi nagtatatag ng komplikado at nakalilitong pamantayan;
- Hindi nalalapat sa mga aplikasyon na hindi pang-imigrasyon at petisyon sa pagpapahaba ng paglagi at pagpapalit ng estado; at
- Hindi binabalewala ang kahalagahan ng pag-iwas sa "chilling effect" – iyon ang, pagpigil at pagbabawal sa isang indibidwal na makilahok sa mga programa sa benepisyo ng publiko, dahil sa takot na negatibong kahihitnan sa imigrasyon, kahit na ang indibidwal ay hindi naman saklaw ng tuntunin na iyon.

U.S. Citizenship and Immigration Services